Katamtaman lang ang liwanag na nagmumula sa mga ilaw sa ilang poste sa paligid. Hindi gaanong mainit ang panahon at ang malamig na ihip ng hangin ay nagpapa-relax sa kanyang balisang diwa.

Nagpalakad-lakad muna siya nang ilang saglit paikot sa swimming pool. Parang nakakaengganyong lumangoy kaya lang ay mas pinilit niyang umupo na lang sa isang upuan na naroon. Sumandal siya sa sandalan niyon at itinaas ang mga paa sa ibabaw ng mesa habang ninanamnam ang malamig na hangin na panaka-naka'y humahalik sa kanyang mga pisngi. Halos nakatulog na ang dalaga nang bigla siyang maalimpungatan dahil sa isang malakas na pagtikhim.

Napatuwid siya ng upo at naibaba ang mga paa sa pagkagulat. Nakatayo si Brendon sa harapan niya.

"What are you doing here? It's already late. Aren't you supposed to be sleeping in your room?" sita nito sa kanya. Ang boses ba nito ay may himig ng pag-aalala? Hindi siya sigurado. "Hindi mo nararamdaman na pinapapak ka na 'ata ng lamok."

Pakiramdam ni Aliah ay biglang nag-init ang kanyang tainga dahil sa pangangambala nito. "Bakit? Wala na ba akong karapatan tumambay dito kung gugustuhin ko? And for your information, hindi malamok dito."

Kung kailan naman niya nasabi iyon saka may nag-iisang lamok na pumaligid at halos dumapo sa noo niya kung hindi nito

pinalis iyon. His fingertips almost brushed her forehead that sent heat over her face. Mabuti na lang at hindi gaanong maliwanag sa parteng iyon ng hardin, kung hindi ay nakita sana nito ang pamumula ng kanyang mukha.

"Did you see that? Hindi nga malamok, di ba?" nakangisi nitong sabi.

"Bakit ba? Nagpapahangin lang ako dito, okay?"

"Really?" he said in amusement. "Kulang na lang ay maglatag ka dito ng higaan. I saw you drifted off to sleep. If I were you, umakyat ka na sa kuwarto mo at matulog."

Meaning, matagal na itong nandito at pinagmamasdan siya?

"Bakit ikaw, nandito ka?" inis niyang tugon. *Bakit kasi nakikialam 'to?* At may gana pang kausapin siya! Samantalang nitong nakaraang mga araw simula nang siya ay dumating ay hindi man lang ito nag-aksaya ng panahon na kausapin siya o pakitunguhan man lang nang maayos, bagkus ay laging malamig ang pakikitungo sa kanya. Kaya nga mas minabuti na niyang iwasan ito lagi kaysa maging asiwa sila sa isa't isa.

"I can't sleep and I usually spend time here pag marami akong iniisip and I need some space to think."

Maliwanag na inaangkin ni Brendon na teritoryo nito ang lugar at siya ay dapat nang lumayas. Sabagay, wala namang mapapala ang dalaga kung makikipagsiksikan siya sa lugar na

iyon kasama ito, kaya minabuti niyang iwan ito.

Walang salitang tumayo si Aliah at paiwas na tumalikod sa kausap. Pero bago pa man siya makaalis ay nahawakan nito ang isa niyang kamay kaya napatigil siya.

"Aliah," halos pabulong na anito.

Gusto niyang humarap sa dating nobyo at tingnan ito sa mga mata, kaya lang ay natatakot siya na baka ipagkanulo siya ng kanyang nararamdaman. Sa pagkakahawak nito sa kanyang kamay, pakiramdam niya ay bumalik ang masasayang alaala nilang dalawa ni Brendon. Her heart longed for his embrace, for his love na dati ay para sa kanya lamang.

*But no! Things are different now.*

"Can we... can we just talk for a while? Please?" pagsusumamo nito.

Ano ba ang gagawin ni Aliah? Pagbibigyan niya ba ang lalaki? Lumingon siya rito pero umiwas siya na magtagpo ang kanilang mga mata. Pilit niyang binawi ang kamay subalit mahigpit ang pagkakahawak nito sa kanya.

"Inaantok na ako, Brendon. Matutulog na ako katulad ng sinabi mo. So please, let go of my hand," aniyang nakatingin sa kamay na ayaw nitong pakawalan.

Bumuntong-hininga ito saka siya pinakawalan. "Kahit saglit lang, Aliah," pakiusap nito na lumapit sa kanya at hinawakan ang

magkabilang balikat niya.

Halos mapasinghap si Aliah. His face was almost a few inches away from her. Napaatras siya pero mas mabigat ang mga kamay nito sa kanyang magkabilang balikat, kaya hindi siya makagalaw. Hindi niya mapigilan na hindi mapatingin kay Brendon. Their gazes met, locked for a while. Nakita niya ang paghihirap sa mga mata nito and then a deep longing. Was it for her? Hindi niya alam.

“Is there anything you want to say?” malamig niyang tanong bagaman nakakabingi na ang kabog ng puso niya. Natatakot siyang makita ni Brendon ang totoo niyang nararamdaman dito, kaya kailangan niyang pagtakpan iyon ng galit.

“I... I’m sorry for… for everything,” naghihirap ang kalooban na pahayag nito.

“Matagal ko nang nakalimutan ang lahat ng nangyari kaya ’wag mo nang ibalik pa.”

“Ikaw siguro, but not for me. I haven’t gotten over it. I…” bitin na wika nito saka humugot ng malalim na hininga. “I... I still love you, Aliah,” pagtatapat nito.

Pakiramdam ng dalaga ay nanlambot ang kanyang mga tuhod. *This is not right!* Mabilis niyang pinalis ang mga kamay nito sa kanyang mga balikat at tumalikod. Ramdam niya ang pagsungaw ng luha sa kanyang mga mata. She tried to hide it from him. She didn’t want him to see her reaction. She swallowed

the lump in her throat.

"Tapos na tayo, Brendon. And for goodness' sake, may-asawa ka na!"

"I know," malungkot nitong saad. His voice sounded defeated.

"Kalimutan na natin ang lahat," aniyang nagsisikip ang dibdib. She was trying to control her voice not to crack. "Marah needs you."

Saglit na naghari ang katahimikan bago muling narinig ng babae na bumuntong-hininga si Brendon.

"But could we at least be friends, Aliah?"

Muli siyang humarap dito. She could see the pain in his eyes. How she wished to touch his cheek like before. Pero hindi na puwede. Iba na ang buhay nila ngayon.

*Could they be friends?* "I don't know, Brendon. I really don't know," aniya saka tuluyang tumalikod at mabilis na umalis. Hindi niya mapigilang ang pagpatak ng luha.